Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG MAJAYJAY
TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG GINANAP NA PANGKARANIWANG PULONG NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG BAYAN NG MAJAYJAY, LAGUNA NOONG IKA-07 NG MARSO, 2017 SA SILID PULONGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

MGA DUMALO:

| | | | |
|---|---|---|---|
| PANG. PUNONG BAYAN | EULOGIO WILSON P. AMORADO | - | TAGAPANGULO |
| K A G A W A D | EDISON S. REYES | - | KASANGGUNI |
| K A G A W A D | EFREN T. BITUIN | - | KASANGGUNI |
| K A G A W A D | JUAN M. ANDAYA | - | KASANGGUNI |
| K A G A W A D | EDGARDO S. ZORNOSA | - | KASANGGUNI |
| K A G A W A D | CELESTINO NORMAN O. SOTO | - | KASANGGUNI |
| K A G A W A D | MARIA THESS A. MELENDEZ | - | KASANGGUNI |
| K A G A W A D | VALERIANO O. VITO, JR. | - | KASANGGUNI |
| K A G A W A D | PIA M. CERIA | - | KASANGGUNI |
| PANGULO ABC | MARGARITO P. GRIPO | - | KASANGGUNI |

HINDI DUMALO: WALA

# PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 004 -2017

## ORDINANSA SA KOMPREHENSIBO AT WASTONG PANGANGASIWA NG BASURA SA BAYAN NG MAJAYJAY, LAGUNA.

**Akda ni: Kag. JUANCHO M. ANDAYA**

Ipinag-utos ng Sangguniang Bayan ng Majayjay, Laguna, na:

## PANGKAT I
## TITULO NG ORDINANSA

**Titulo ng Ordinansa.** Ang Ordinansa ay makikilala at tatawaging Komprehensibong Ordinansang Pambayan sa Wastong Pangangasiwa ng Basura sa Majayjay, Laguna at dito'y tatagurian at makikilalang "Ordinansa."

## PANGKAT II
## SAKLAW

Ang Ordinansa ay ilalapat sa lahat ng mga tahanan, komersiyal na establisimento tulad ng hotel, restawran, mga sinehan, palengke, mga groseriya, mga sari-sari store, mga institusyon tulad ng ospital/klinika, simbahan, pampubliko at pribadong paaralan, pabrika at pagawaan at iba pang uri ng mga establisimento, mga sari-sari store at mga lugar na pangsakahan.

## PANGKAT III
## KAPANGYARIHAN AT LAYUNIN/TUNGKULIN

**Seksyon 1. Kapangyarihan.** Ang Ordinansang ito ay ipinasa upang susugan ang mga probisyong umiiral na mga batas at ordinansa na kaugnay sa pangangasiwa ng basura.

**Seksyon 2. Layunin.** Ang Ordinansang ito ay ipinasa para sa mga sumusunod na layunin:

a. Upang gabayan, kontrolin at pigilan at paglikha ng basura, pag-iimbak, pangungulekta, pagsasalin at pagtatapon ng basura sa loob ng nasasakupan ng Majayjay at isulong ang maayos at ligtas na sistema para dito;

b. Upang itaas ang antas ng kabuuang kapaligiran ng bayan sa pamamagitan ng kinakailangang pagkontrol at pagbabawas ng mga negatibong pangkapaligirang epekto ng basura;

c. Upang isulong at ipagtanggol ang kalusugan, kaligtasan, kapayapaan at kaginhawahan at pangkalahatang kagalingan ng mga naninirahan sa ating pamayanan;

d. Upang mabawasan ang duming nililikha ng basura at mapalaki ang posibleng maisasauli o magagamit na muli na mga produktong basura sa pamamagitan ng:

- Pagpaparami sa paggamit ng mga kalakal at mga pagkain;
- Pag-uukol ng sapat lamang na sangkap sa produksyon ng kalakal, pagkain at serbisyo;
- Pagpapasigla sa matiyagang paghihiwalay ng mga posibleng magamit muli (recovery/recyclable) mula sa basura upang maibalik o maisauli sa pabrika para sa produksyon;
- Pagpapasigla sa paggamit muli at pagsasauli ng mga basura sa sariling mga bakuran sa pamamagitan ng pagbubulok nito upang maging abono/pataba sa lupa; at
- Pagbibigay tulong at pakikilahok sa pagbalik-gamit ng basura sa mga lugar kung saan ito iniipon.

**Seksyon 3. Hangarin.** Ang pangunahing hangarin ng Ordinansang ito ay upang itaas ang balanse ng pang-ekolohiyang pamayanan sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagpapatupad ng binuong sistemang pangangasiwa ng basura.

Ang mga tinutukoy na layunin ng Ordinansang ito ay ang mga sumusunod:

a. Upang itiyak ang lahatang panahon na kalinisan sa pamamagitan ng masinop na pamamahala ng basura;

b. Upang tigilan at ihinto na ang paggamit ng mga hayag na basurahan/tambakan na nagsisilbing tirahan ng mga insekto na nagiging sanhi ng sakit, mabahong amoy, at mapaminsalang mga usok/singaw; nagbububuga ng usok (greenhouse gases) na nag-aambag sa patuloy na pag-init ng daigdig (global warming) at pagnipis ng pananggang lambong (Ozone Layer); nagbubunga ng "katas"(leachate) na lumalason sa lupa at inuming tubig; at lumikha ng di malinis at malusog na pagbubungkal ng basura sa lugar ng basurahan/tambakan nito;

c. Upang mawala ang mga masagwa, walang takip at umaawas na basurahan sa mga kalye, pampublikong lugar at malalawak na lugar;

d. Upang maging masinop at mapadami ang ligtas na pagbalik-gamit ng basura upang gawing pagkain ng hayop panggatong, materyales sa produksyon, enerhiya, at iba pa; at

e. Upang mabawasan ang polusyon na bunga ng mga mapaminsalang usok, singaw at mga dala ng hangin na bunga ng di-kinakailangang pagsusunog/pagtatambak; maruruming katas patungo sa pinagmumulan ng tubig; at mapanganib na mga sangkap.

## PANGKAT IV
## KAHULUGAN NG MGA SALITA

**Seksyon 4.** Teknikal na Termino. Ang teknikal na mga terminong ginagamit sa Ordinansang ito ay nagkakaroon ng kahulugan na tulad ng mga sumusunod:

a. **Nabubulok (biodegradable)** – anumang materyales na maaaring mapaliit sa higit na pinong mga butil (binulok o inaabono) sa pamamagitan ng mga organismong tumutulong sa mabilis na pagkabulok (kasingkahulugan ng compostable).
b. **Kompos (Compost)** – nabulok na mga organismong materyales na ginagamit na pataba sa lupa o abono.

c. **Pagbubulok (Composting)** – pagbubulok na gumagamit ng mga kontroladong kondisyon; ang proseso ng pagbubulok ng mga tirang pagkain, basura ng halaman, dumi ng hayop, dumi ng tao para gawing kompos sa pamamagitan ng paghahalo dito sa lupa, tubig at anumang nakapagpapabilis sa pagbubulok nito (activator) at hangin.

d. **Basura ng Tahanan** - basurang galing sa mga lugar tirahan at naiiba mula sa basurang industriyal, agrikultural o sa mga pagamutan/klinika at iba pa na maaaring mauri na nabubulok (compostables) o di-nabubulok (non-compostable).

e. **Enzymes** – isang protina na nilikha ng mga selula na may mga sangkap na nagpapasimula o nagpapabilis na pag-epekto ng mga kemikal sa mga halaman o hayop at kumikilos na parang organikong pampabulok.

f. **Mga Naibabalik sa Pabrika (factory returnable)** – lahat ng di-nabubulok, hindi nagagawang abono tulad ng mga lata, bakal, bote/mga babasagin/salamin at kahit mga bubong, plastik, styrofoam, tuyong basahan, damit, tuyong papel, tuyong karton, balat, matitigas na suso, mga buto ng hayop at iba pa na pinaghihiwalay sa ibat-ibang lalagyan o kaya naman ay isinisilid sa sako(lata, bote, mga lalagyang nilinis/hinugasan) at ipanagbibili o ipinamimigay sa mga kumukulekta ng basura.

g. **Mga bagay na maaaring pagkain ng hayop (feed materials)** - lahat ng mga natitirang pagkain, pinagbalatan, pinaggayatan ng gulay, bituka ng isda, lamang loob ng manok, bulok na prutas, mga tirang pagkain, balat ng itlog, kanin, isda, pinaghugasan ng karne at iba pa na dapat na kulektahin ay itago sa may takip na sisidlan upang maging pagkain ng baboy, manok, bibe, aso, isda at iba pang alagang hayop.

h. **Mga maaasim na nabubulok (fermentables)** - balat ng prutas, nabubulok o sobrang hinog na mga prutas, sabaw, tubig ng prutas tulad ng buko at iba ay nagagawang suka, alak o nata de coco, nata de pinya at iba pa.

i. **Abono o pataba sa lupa (fertilizer material)** - lahat ng nabubulok o nagagawang abono/pataba sa lupa tulad ng mga basura sa halaman (dahon, sanga, mga damo) dumi ng hayop (mga ipot, patay na hayop) dumi ng tao (tae, ihi, dugo, lahat ng inilabas ng tao, maruruming pamunas, lampin (tanggalin ang mga plastik) at iba pa ay magagawang kompos para sa paghahalamang organiko.

j. **Mga Pantambak (filling materials)** – kung sisikaping makahanap hindi lamang ng maksimum kundi ang optimum na paggamit ng basura, wala na halos maiiwan o matitirang panambak. Ang mga ito ay maaaring digpiin, ihalo sa ipa ng palay at mga pandikit (binders) at gamitin para sa anumang angkop na proyektong pang-konstruksyon.

k. **Mga yaring kamay (fine crafts)** – marami sa mga di-nabubulok na basura ang magagamit na materyales para sa mga yaring kamay na produkto at mga proyektong pangkabuhayan tulad ng taka, basket na papel, mga latang proyekto, bakal na proyekto, plastik na lubid, mga yaring balahibo, pakpak, mga yaring kahoy na produkto at kahit maging yaring "lahar" ang mga styrofoam ay maaaring tunawin sa kaunting gasolina upang makagawa ng murang pandikit para sa mga proyektong gagawin.

l. **Pagkaing Materyales (food material)** - kasama dito ang ilang mga uri ng buto, balat, laman na maaaring gawing kendi, matamis, pang meryenda o sinukaang sariwang buto, balat o laman.

m. **Mga kagamitan mula sa basura (functional facilities/equipment)** – mga mapapakinabangang kagamitan na nilikha o binuo mula sa mga itinapon, pinagtabasan at mga tirang gamit tulad ng silya, mesa, pamahiran ng paa, laruan mula sa goma ng sasakyan, bubong, mula sa lata ng gatas, paso ng halaman, taniman mula sa mga plastik na sisidlan, sako at mga lalagyan, atbp.

n. **Mapaminsalang mga basura (hazardous waste)** – mga espesyal na uri ng basura na pinaglalagyan ng mga kemikal, gamot at sangkap na mapanganib sa kalusugan ng tao.

o. **Pagbabalik gamit (recycling)** – ang paggamit muli, pagsasauli, at pagbabagong gamit ng mga bagay/sangkap para sa anuman at lahat ng paggamitan na mahalaga para sa malusog at produktibong pamumuhay; ang proseso kung paano ang mga basura ay ginagawang mga bagong produkto na di na nakikilala mula sa orihinal nitong anyo.

p. **Basura** – nakapaloob dito ang anumang bagay na itinapon, tulad ng basura, kalat, dumi, pinagtirahan at anumang tira-tirahan mula sa anumang pinagmulan (tahanan, pagawaan, bukid/taniman, industriya o mga institusyon; ito ay mga itinapong gamit na walang sapat na sangkap na tubig upang umagos. Halimbawa nito ay ang mga hindi matubig na basurang nagmumula sa mga bahay, komersiyal, agrikultural at industriyal na gawain na mahahati sa dalawang kategoriya:

**Mga Nabubulok** – ginagawang abono. Mayroong apat (4) na grupo ng basura sa ilalim ng kategoryang ito tulad ng: (a) basurang pagkain (sa pagluluto)/ basura ng kusina: mga pinagbalatan, tira-tira, pinaggayatan ng gulay, lamang-loob ng isda/manok/karne at iba pang hayop/pinaghugasan, malambot na mga balat/hipon, alimango, mga buto atbp. (b) basurang agrikultural/mula sa halaman: tuyong dahon, bulaklak, mga sanga, siit, ugat, pinaggupitan, mga damo, buto/at hindi makakaing prutas, atbp.; (k) dumi ng hayop: ipot/ihi, patay na hayop, atbp.; (d)dumi ng tao:tae, pasador, lampin, atbp.;

**Mga Di-Nabubulok** – Di Nagagawang Abono. Mayroong sampung (10) grupo ng basura sa ilalim ng katergoryang ito; (a) Mga metal: lata, aluminyum, bakal, tanso, pilak, atbp.; (b) Mga nababasag: bote bubog, salamin, bombilya, atbp.; (k) mga plastik: polyethylene (supot na bag), polypropylene (straw, sakong plastik, mga lalagyang plastik) polyurethane (foam mattresses), polyacetate (tela, rayon), atbp.; (d) goma (natural at sintetik): gulong ng sasakyan, mga tsinelas, atbp. (e) papel: tuyo at malinis na papel, karton, atbp.; (g) tuyo at pinrosesong mga hibla: damit, lubid, atbp.; (h) tuyong katad: balat, balahibo, atbp.; (i) matitigas na mga suso; (l) mga buto; at (m) mga bato.

q. **Wastong pangangasiwa ng Basura (Solid Waste Management)** – ang mga layunin, sistematikong pagkontrol sa nalilikhang basura, pag-iimbak, koleksyon, paghahakot, paghihiwa-hiwalay, pagpoproseso, pag-resaykel, pagbawi, at sa kahulihan ay ang pagtatapon ng basura.

r. **Paghihiwalay sa Pinanggalingan (sorting at source)** – ang paghihiwa-hiwalay at pagbubukod ng basura mula sa pinanggalingan o sa lugar kung saan ito nililikha, sa dalawang uri: nabubulok at di-nabubulok.

s. **Pagbabalik-gamit ng basura sa bahay (recycling of domestic waste)** – ang puspusang pagsisinop ng basura mula sa tahanan para maibalik sa mga pabrika (humigit-kumulang sa 50-60%) pagkain ng hayop (humigit-kumulang o halos 20%) pataba sa lupa (20%), panggatong, mga yaring kamay, suka, atbp., na kakaunting bahagi ang naiiwan (nag-iiba ang uri nito ayon sa pamayanan, ang mga mayamang pamayanan ay mas maraming basurang maibabalik sa pabrika).

t. **Sistema sa pangangasiwa sa basura na nangangalaga sa kalikasan o ekolohiya (Ecological Waste Resource Management System).** Ito ay isang mapangalagang paraan ng pangangasiwa ng basura na hindi pumipinsala sa kalikasan o lumalason sa hangin, tubig, at lupa, at nagpapahintulot ng ligtas na paraan upang ito ay magamit-muli at mapakinabangan.

## PANGKAT V
## PINAGMUMULAN NG BASURA AT PAG-IIMBAK NITO

**Seksyon 5.** Mga Lugar at Tirahan.

a. Mahalagang matukoy ng bawa't mamamayan ang dalawang klase ng basura: nabubulok at di-nabubulok. Ang dalawang uri ng basurang ito ay iipunin at paghihiwalayin sa mga tahanan.

b. Titiyakin ng bawa't mamamayan na ang kanilang basura ay mahusay na napaghiwa-hiwalay sa tatlong kategorya: para sa mga nabubulok na maaaring gawing abono, mga di-nabubulok na itatapon na at mga basurang ireresaykel (malinis na papel, plastik, lata, bote, atbp.). Ang mga tirang pagkain at basura sa kusina ay ibibigay sa mga hayop o ihihiwalay para sa pagbubulok.

c. Ang mga mamamayan ay pipili ng angkop na lalagyan tulad ng lata, sako, bag, plastic, kahon, atbp. na makakatulong upang malinis, masinop na matipon, makulekta, mahakot at maitapon ang mga basura sa pinakamababang gastos. Ang mga tirang pagkain ay ilalagay sa mga may takip na lata o timba; ang mga basurang itatapon ay ilalagay sa sako, lata at mga bag; ang mga nare-resaykel na papel, plastik, lata, bote ay ilalagay sa mga sako, bag o kahon.

d. Ang mga pampublikong daanan at mga harapan ng tahanan ay pananatilihing malinis at masinop ng mga may-ari o umuupa ng bahay o gusali sa tuwi-tuwina.
e. Ang mga puno, halaman at iba pang pananim sa paligid ng tahanan ay regular na pangangalagaan at puputulan upang mabawasan ang basurang galing sa mga bakuran at mga di kanais-nais na tanawin.

**Seksyon 6.** Mga Komersiyal na Lugar (kasama ang palengke, tindahan, sinehan, resort, atbp.)

a. Ang mga imbakang basurahan para sa mga pinaghiwa-hiwalay na basurang komersiyal ay kinakailangang isahan na mayroong takip ayon sa kinalalagyan nito para sa koleksiyon at paghahakot ng basura ayon sa iskedyul na itatakda ng Pamahalaang Bayan.
b. Ang mga nakasarang tapunan na panglahatan at tukoy kung para sa nabubulok o di-nabubulok ay dapat na ilagay sa daanang ruta ng magkukulekta kung saan ang mga basura ay dadalhin at iipunin ng mga may puwesto sa palengke, o anumang komersiyal na lugar.
c. Ang mga harapan, lugar hintayan at paligid ng mga komersiyal na establisimento ay pananatilihing malinis at kaaya-aya ng mga may-ari/umuupa/nangangasiwa (mga tindahan, restawran, kainan, karinderya, pagupitan, sinehan, bilyaran, resort at mga kaugnay na negosyo).
d. Ang mga harapan at paligid ng mga puwesto sa palengke ay pananatilihing malinis at maayos ng mga umuupa dito sa lahat ng oras.

**Seksyon 7.** Mga Lugar na Institusyonal / Industriyal.

a. Ang namamahala ng anumang institusyunal o industriyal na pag-aari ay magtitiyak ng masinop at malinis na pag-iipon ng kanilang basura sa pinaghi-hiwalay na mga sisidlan na matatagpuan sa daraanang ruta ng magkukulekta ng basura.
b. Ang mga mapanganib at di-ligtas na basura ay ilalagak sa isang lugar na ligtas, maayos at natatakpan kung saan ay malayo ito at nasa ligtas na lugar bago makulekta at/o itapon.
c. Ang namamahala sa anumang institusyunal/industriyal na pag-aari/ establisimento ay magtitiyak na napapanatili ang kalinisan at kaayusan ng mga bakuran, pasilidad at kapaligiran nitong tabing-daan at kalye.
d. Kapag mayroong mapanganib na mga basura (kemikal, bayolohikal at radyo-aktibong mga sangkap) ay iimbakin, kukulektahin, hahakutin at itatapon ng naaayon sa maaaring ilapat na batas, alituntunin, kautusan at regulasyon ng Environmental Management Bureau (EMB-DENR), Kagawaran ng Kalusugan (DOH), at Philippine Nuclear Research Institute (PNRI).

**Seksyon 8.** Mga Lugar na Agrikultural/Pansakahan (kasali na ang mga babuyan, manukan, atbp.)

Ang mga magkakauring basura ng bukid (dayami, busil ng mais, dahon, ipot ng hayop, atbp.) ay masinop na itatambak, iimbakin ng magsasaka na nangangalaga sa kanyang lugar sakahan.

a. Ang mga basurang bukid (dayami, busil ng mais, dahon, ipot ng hayop, atbp.) ay hindi susunugin. Ang mga ito ay itatambak sa isang lugar at bubulukin. Ang mga dumi ng hayop ay maaari ding bulukin at gamiting pataba sa lupa.

**Seksyon 9.** Pagkakalat.

Walang sinumang tao ang maaaring magkalat o magtapon ng basura sa mga kalsada, kalye, haywey, eskinita at iba pang pampublikong lugar (parke, palaruan, ilog, atbp.) ang mga basurang tinutukoy ay binubuo ng sigarilyo/upos ng sigarilyo, kahon, balat ng kendi;tinapay, palito ng posporo, mga lampin ng bata, balutan ng pagkain, atbp.

## PANGKAT VI
## PAGPOPROSESO NG BASURA AT PAGBABALIK-GAMIT NITO

**Seksyon 10.** Mga Bahay o Lugar Tirahan.

a. Ang mga hiwa-hiwalay na basurang maaaring maibalik-gamit o maresaykel ay masinop na iipunin bago kolektahin. Ang mga ito ay hiwalay na kukolektahin ng mga eco-aides na itinalaga na Pamahalaang Bayan o mga pribadong mamimili ng junks at recycling center.
b. Mayroong itatalaga ang Pamahalaang Bayan na tagapangasiwa ng basura sa bawa't barangay (maaaring ang utility ng barangay) na siyang susubaybay sa pagkulekta ng mga maaaring maibalik-gamit o maresaykel na basura at siya ring magko-koordina sa mga kinikilalang mamimili o gumagawa ng mga produktong balik-gamit.
c. Ang mga tirang pagkain at basura sa kusina ay mapupunta at ibibigay sa mga may alagang hayop (baboy, aso, atbp.). Ang mga maiiwang hindi maipapakain sa hayop ay bubulukin at gagawing pataba sa lupa. Ito ay maaari ring kulektahin ng itinakdang tagapangasiwa ng basura sa barangay upang i-kompos sa takdang lugar-bulukan ng barangay/bayan.
d. Ang lahat ng mamamayan ay nararapat umiwas sa pagsusunog at pagtatambak ng basura. Malawakang ipatutupad ang pagbabalik-gamit ng basurang di-nabubulok at paggawa ng abono o pataba sa lupa mula sa mga basurang maaaring mabulok at gawing kompos.

**Seksyon 11.** Mga Lugar na Komersiyal.

a. Ang paghihiwa-hiwalay ng basura mula sa mga lugar na komersiyal (palengke, restawran, pamilihan, tindahan, resort, atbp.) ay magiging sapilitan at rekisito bago makakuha o makapagpanibago ng pahintulot sa pagnenegosyo.
b. Ang mga palengke/pamilihan ay magpapatibay o magkakasundo sa isang sistema ng paghihiwalay ng basura na magpapabilis sa pag-uuri o pagbubukod ng mga maaaring maibalik-gamit, tirang pagkain/pinaggulayan, mga di-nabubulok, atbp.
c. Ang mga tirang pagkain mula sa mga komersiyal na lugar (restawran, kantina, karinderya) ay kokolektahin para gawing pagkain ng hayop na mga kontak nilang kumukuha ng pagkaing-hayop at kailanman ay di pahihintulutang itapon sa mga kanal, bambang at ilog.

**Seksyon 12.** Mga Lugar Industriyal/Institusyonal

a. Sa mga industriyal na establisimento, ang paghihiwa-hiwalay ng mga nabubulok at di-nabubulok na basura ay isasagawa upang maiwasan ang masamang amoy at pagdami ng mga langaw.
b. Ang mga paaralan (pribado at publiko) ay magpapatibay ng angkop na mga estratehiya at pamamaraan sa pagbabalik-gamit at pagsasauli sa kalikasan ng mga basura.
c. Ang mga mapanganib na basura ay iimbakin at ipapamahala sa mga nakatalagang tanggapan ng pamahalaan na magbibigay ng tulong at gabay kung paano ito itatapon.

## PANGKAT VII
## KOLEKSYON AT PAGHAKOT NG MGA BASURA

**Seksyon 13.** Mga Basura sa mga Bahay

a. Ang lahat ng mamamayan ay magtitiyak na ang kanyang basura ay nasa labas ng kanyang pintuan, geyt o sa lugar na daraanan ng mga nangungulekta ng basura na sasakyan o kariton, sa panahong itinakda sa koleksyon ng basura. (Pahihintulutan pa rin ang mga basurero na mangungulekta at maghakot ng basura patungo sa takdang "transfer point" ayon sa magiging patakaran ng tanggapan na mangangasiwa sa lugar).
b. Ang bawat mamamayan ang mag-uulat din sa Tanggapan ng Pambayang Tagapangasiwa sa Kalusugan o Tanggapan ng MENRO at sinumang opisyal na sangkot hinggil sa mga di-nakokolektang basura sa nasasakupan at malapit sa kanilang lugar tirahan.

c. Ang tiyak na petsa at oras ng pagkolekta ng basura sa mga tukoy na lugar ay itatakda at ipapabatid sa panawagan para sa istriktong pagsunod ng lahat ng nasasangkot.

**Seksyon 14.** Mga Komersiyal na Lugar

a. Ang mga may-ari/namamahala/umuupa sa kahit anong negosyo o pagawaan ay may pananagutan sa nasa panahong paglalagay sa takdang lugar ng mga nakaimbak na basura para sa pagkolekta ng maghahakot na ipapaalam sa mga kinauukulan ng nangangasiwa sa basura at siya ring tutulong kung kinakailangan sa masinop na paraan ang pagkakarga ng basura sa trak na kukulekta nito.
b. Sila rin ang magbababala sa Tanggapan ng Pambayang Tagapangasiwa sa Kalusugan o Tanggapan ng MENRO para makulekta ang mga naiipong basura na di kinokolekta at iba pang mga kaugnay na bagay.

**Seksyon 15.** Mga Lugar na Institusyonal/Industriyal

a. Ang namamahala sa anumang institusyon o establisimentong industriyal ay tutulong sa Pamahalaang Bayan sa maayos at malinis na paraan ng pagkolekta at paghakot ng basura.
b. Ang koleksyon at paghahakot ng anumang mapanganib na basura (kung kinakailangan) ay nararapat na isangguni sa kinauukulang tanggapan o sangay ng pamahalaan na responsable sa ganitong uri ng basura.

## PANGKAT VIII
## PAGTATAPON NG BASURA

**Seksyon 16.** Basura mula sa Residensyal, Komersyal at Institusyonal na mga Lugar.

a. Ang insenerasyon o pagsusunog ng basura ay ipinagbabawal. Ang mga matitirang basura matapos ang pagbabalik-gamit ng mga mareresaykel at pagbubulok ng mga ilalagay sa kompost ay itatapon sa pamamagitan ng pansamantalang "controlled dumping level one" na pambayan habang hindi pa natutukoy ang alternatibong teknolohiya na gagamitin tulad ng Hydromex at hindi pa ganap na natutupad ang pagbabawas ng basura.
b. Ang mga basura mula sa mga klinika (Dental at Medikal) ay ihihiwalay at iimbakin habang hinihintay ang bumibili ng ganitong uri ng basura na maaaring dumating dalawang beses sa isang buwan.

**Seksyon 17.** Basura Mula sa mga Pagawaan

a. Ang mga basurang nabubulok tulad ng tatal, pinaglagarian, kinataman at iba pang kauri nito ay papahintulutang gamiting pantambak sa mga bakanteng sulad o lote basta ito ay ikakalat ng maayos at papatungan din ng lupa upang mabilis na mabulok.
b. Ang mga basurang di-nabubulok ay paghihiwa-hiwalayin din ayon sa pag-uuri ng mga di-nabubulok. Ang mga basurang (lata o bote) pinaglagyan ng mga kemikal, pintura, glue, varnish) ay ihihiwalay at iimbakin habang ang tulong at gabay ng sangkot na tanggapan ng pamahalaan kung paano ito itatapon.

**Seksyon 18.** Ang lahat ng barangay sa nasasakupan ng bayan ng Majayjay ay inaatasan na maglagay o magtayo ng Materials Recovery Facility (MRF).

## PAGKAT IX
## HALAGANG IBABAYAD PARA SA SERBISYO NG PANGANGASIWA NG BASURA

**Seksyon 19.** Ang lahat ng bahay na residensyal ay sisingilin ng buwanang bayad na Php16.50 upang maidagdag sa mga nakokolektang buwis na gagamitin sa operasyon at pagpapatakbo ng Pambayang Tanggapan sa Pangangasiwa ng Basura. Ito ay kokolektahin kasabay sa ibinabayad sa tubig ng buwanan.

**Seksyon 20.** Ang mga komersyal at industriyal na establisimento ay sisingilin din ng buwanang bayad na Php100.00 upang maging karagdagan sa mga nakokolektang buwis na gagamitin sa operasyon at pagpapatakbo ng Pambayang Tanggapan sa Pangangasiwa ng Basura. Ang nasabing halaga ay kasamang kinokolekta sa pagbabayad ng taunang Mayor's Permit.

## PANGKAT X
## MGA PAGLABAG AT KAPARUSAHAN

**Seksyon 21.**

UNANG PAGLABAG - Papatawan ng Community Service ng tatlong (3) oras sa kanyang nasasakupang barangay.

IKALAWANG PAGLABAG - Papatawan ng Community Service ng anim (6) na oras sa kanyang nasasakupang barangay.

IKATLONG PAGLABAG - anim (6) na oras na Community Service at isanlibong (Php1,000.00) piso na hahatiin sa mga sumusunod:

50% - sa pamahalaang bayan
50% - sa barangay

**Kapag Menor de edad ang lumabag sa ordinansang ito ay papatawan ng parusa ang magulang ng bata.**

**Seksyon 22.** Ang Pamahalaang Bayan ay bubuo ng yunit na mag-iinspeksyon sa ilalim ng Tanggapan ng Kagalingang Pangkalikasan na ang pangunahing gawain ay hulihin ang mga lumalabag sa probisyon ng pagbabawal na magkalat/magtapon ng basura, at ang mga taong hindi naglalagay ng mga basurang may takip sa nasasaklawan ng kanilang pag-aari o negosyo at pumapayag na ang kanilang pag-aari ay maging basurahan o tambakan ng basura.

## PANGKAT XI
## PANGWAKAS NA MGA PROBISYON

**Seksyon 23.** Ang lahat ng probisyon ng pambayang ordinansa na ito, mga kautusan o regulasyon na hindi naaayon, ay binago/inaamyendahan at pinapawalang-bisa ayon sa pagkakasaad.

**Seksyon 24.** Pagkakahiwa-hiwalay ng mga Probisyon. Kung mayroong probisyon sa loob ng ordinansang ito, o ang paglalapat ng probisyon sa sinumang tao o pangyayari, ay idedeklarang labag sa batas, ang nalalabi o maiiwang probisyon sa ibang mga tao o pangyayari ay hindi maaapektuhan ng nabanggit na deklarasyon.

**Seksyon 25.** Pagkakabisa – Ang Ordinansang ito ay magkakabisa sa oras na ito'y mapagtibay.

P I N A G T I B A Y - - - - - ngayong ika-07 ng Marso, 2017

INAATASAN ang KALIHIM, na padalhan ng sipi ang Sangguniang Panlalawigan at ang lahat ng kinauukulan para sa kanilang kaalaman at pagpapatibay.

PINATUTUNAYAN KO, ang kawastuhan ng pagkakasipi nito buhat sa katitikan.

**GREGORIA M. MERCOLISA**
Kalihim, Sangguniang Bayan

**PINAGPASIYAHAN:**

**EULOGIO WILSON P. AMORADO**
Punong Tagapangulo/Pang. Punong Bayan

**PINAGTIBAY:**

**CARLO INVINZOR B. CLADO, MDMG**
Punong Bayan